Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
MIMAROPA Region

Agosto 18, 2021

**MARIA LOURDES G. FERRER,** ***CESO III***
Regional Director
DENR MIMAROPA Region

Mahal na **Dir. Ferrer:**

Pagbati!

Una sa lahat, nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa patuloy at walang sawang suporta na ibinibigay ng inyong tanggapan sa iba't ibang mga gawaing kaugnay sa pagpapairal ng *Full Devolution* at sa patuloy na pagpapayaman ng Panrehiyong *Local Governance Resource Center*.

Kaugnay nito, ang aming tanggapan ay may binubuong imbentaryo ng *Capacity Development Interventions* at mga kawani na may kakayahang magbigay ng kaakibat na *technical assistance* mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan, organisasyon, at institusyon sa rehiyon ng MIMAROPA. Ito ay naglalayong matukoy ang mga institusyong maaaring magbigay ng angkop na kapasidad sa mga lokal na pamahalaan sa kanilang paghahanda para sa *Full Devolution*.

Kami po ay humihiling sa inyong tanggapan na sagutan ang nasabing *survey* gamit ang dokumentong kalakip ng liham na ito. Mangyari po lamang na ipadala ang napunang dokumento sa *email* na dilgmimaropa.lgcdd@gmail.com bago ang **ika-27 ng Agosto, 2021**.

Kung mayroong mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Chelsea Tamayo, LGOO III ng LGCDD, sa numerong 0919-093-4940 o sa pamamagitan ng nabanggit na *email*.

Inaasahan po namin ang patuloy na suporta at pakikiisa tungo sa katuparan ng ating layunin - ang bigyan ng tunay at makabuluhang awtonomiya ang mga pamahalaang lokal. Maraming salamat!

Gumagalang,

**WILHELM M. SUYKO,** *CESO IV*
Panrehiyong Patnugot

"Matino, Mahusay, Maaasahan"
822 Quezon Avenue, Brgy Paligsahan, Quezon City
Telephone Number 995.78.31 • 995.7725 (TF)
www.mimaropa.dilg.gov.ph • dilgmimaropa@gmail.com